ang pinakamatindi sa mga tao sa pagdurusa sa ganang kay Allāh sa Araw ng Pagbangon ay ang mga nagtutulad sa nilikha ni Allāh

Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Pumasok sa kinaroroonan ko ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong nagtabing ako ng isang estante ko na may isang kurtinang may mga imahen. Kaya noong nakita niya ito, pinunit niya ito. Nag-ibang-kulay ang mukha niya at nagsabi siya: "O `Ā'ishah, ang pinakamatindi sa mga tao sa pagdurusa sa ganang kay Allāh sa Araw ng Pagbangon ay ang mga nagtutulad sa nilikha ni Allāh." Nagsabi si `Ā'ishah: "Kaya pinutol namin ito saka gumawa kami mula rito ng isang unan o dalawang unan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Pumasok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa bahay niya sa kinaroroonan ni `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) saka natagpuan niya ito na nagtabing nga sa maliit na lagayan, na pinaglalagyan ng mga bagay-bagay, na may isang tela rito na may mga larawan ng mga may kaluluwa kaya nag-iba ang kulay ng mukha niya dala ng pagkagalit para kay Allāh. Inalis niya ito at sinabi: "Ang pinakamatindi sa mga tao sa pagdurusa sa Araw ng Pagbangon ay ang mga nakikiwangis sa pamamagitan ng mga paglalarawan nila sa nilikha ni Allāh." Nagsabi si `Ā'ishah: "Kaya gumawa kami rito ng isang unan o dalawang unan."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5931